1

"Oh, sweetheart, you look beautiful!" bulalas ng mama ni Ysobell nang matapos siyang ayusan ng baklang nagmi-makeup sa kanya.

Nakita niyang nangilid ang luha sa mga mata ng ina. Masuyo siyang ngumiti saka yumakap nang mahigpit dito. "Thanks, Ma."

Ikalabing-walong taong kaarawan niya ngayon at may gaganaping selebrasyon. She would be leaving her childhood days behind.

"Hindi pa ba kayo tapos diyan? Ang dami nang bisitang naghihintay sa ibaba." Kumalas siya sa pagkakayakap sa ina at humarap sa ama na kapapasok lang sa silid. "My princess, ang laki mo na. Parang kailan lang baby ka pa, isang iyaking baby. Ngayon, look at you…"

"Thanks, Pa. You're not turning emotional, are you? Role na iyon ni Mama," biro ni Ysobell dahil naiiyak na rin siya. Inginuso niya ang inang noon ay nagpupunas ng luha.

"Who could blame us, sweetheart? Parang ang daling lumipas ng panahon. Soon you'll be leaving us

to start your own family." Pumiyok pa ang boses nito.

She rolled her eyes. Ang drama talaga ng mama niya. "Ma, eighteen pa lang ako, hindi pa ako mag-aasawa," pang-aalo niya. Nilapitan niya ito at ikinawit ang braso sa baywang nito. Lumapit din ang papa niya at inakbayan ito. "At kung mag-aasawa man ako, diyan lang naman ako lilipat sa kabila. Iyon, eh, kung magising si Tristan isang araw at maisip na mahal na pala niya ako."

It worked. Napangiti niya ang mama niya.

Si Tristan ang lalaking sinisinta niya mula pa noong bata siya. Dumating na kaya ito? Malapit lang ang bahay ng mga ito. Ang lalaki ang escort niya ngayong gabi.

Hiniling iyon ni Ysobell kay Tristan bilang regalo sa kaarawan niya at pinagbigyan siya. *Grudgingly.*

"Okay, princess, time to go. Your prince must be waiting for you," sabi ng papa niya.

Right on cue, may kumatok sa pinto.

It was Tristan, looking immaculate in his three piece suit. May hawak itong isang puting rosas para sa kanya.

"Happy birthday," bati nito, iniabot sa kanya ang

bulaklak na tangan saka siya ginawaran ng halik sa pisngi. Kulang na lang ay himatayin siya sa sobrang kilig. “Shall we?”

Tumango lang siya. Parang hindi kayang lumabas ng salita sa bibig niya. Ikinawit niya ang kamay sa braso nito at iginiya na siya nito palabas ng silid niya.

She was overwhelmed nang magpalakpakan ang mga taong naghihintay sa pagpanaog niya. All her friends and loved ones were present.

Nagsimula ang kasiyahan, at pagod man ang pakiramdam niya bago matapos iyon ay masayang-masaya si Ysobell. Especially when Tristan asked her for another dance. She went to him willingly.

“Nasabi ko na ba sa ’yong napakaganda mo?” tanong nito. His voice was merely a whisper. Siguro nga ay bagay sa romantic na setting ngayon ang boses nitong mababa.

“Nope.”

Ngumiti si Tristan. “You’re very beautiful, Ysobell,” malambing na puri nito.

Her heart swelled with his compliment. “Thank you. Ikaw din, ang guwapo mo,”

“Thank you,” simpatikong tugon nito.

"I am now a woman, Tristan," umpisa niya. "Liligawan mo na ba ako?" hindi na nagpapaliguy-ligoy na tanong niya.

Mukhang nabigla ang binata. He almost stumbled, mabuti na lang at agad nitong nabawi ang panimbang. "Jesus, Ysobell! Hindi mo dapat itinatanong iyan sa mga lalaki," he admonished.

"Hindi ko itinatanong iyon sa mga lalaki, Tristan, only with you. Matagal ko nang sinasabi sa 'yo na mahal kita. Bakit ba ayaw mo akong seryosohin?" himutok niya. Mula pa noong nag-diez y seis anyos siya, ipinagtapat na niya rito ang nararamdaman ngunit binalewala nito iyon. Ayon dito, kapatid lang ang turing nito sa kanya.

Ito ang disadvantage kapag na-in love ka sa best friend ng kuya mo. The person in question would always see you as a little sister and nothing more. Ang isa sa mga rason, nakita ka nilang lumaki at nagdalaga. Iyon ang problema niya.

Tristan doesn't see her as a woman.

Which was stupid—mas dapat nga siyang ligawan nito, di ba? Dahil kilala na siya mula pagkabata. Lahat halos ng ugali niya alam na nito. Pero hindi! Ang mga gini-girlfriend nito ay ang mga babaeng tingin niya ay

hindi kailanman maging kasing-loyal niya sa binata.

"This again? Ysobell, ilang beses na nating pinag-usapan ito. Hindi pagmamahal ang nararamdaman mo sa akin. Crush lang iyan. Give it time at mawawala din iyan. I'm flatterred na pinag-uukulan mo ako ng atensyon mo, but this craziness has to stop."

Naglapat ang mga ngipin niya. Craziness pala, ha? Puwes, patutunayan niya ritong totoo ang nararamdaman niya.

"Kung ayaw mong maniwala, then patutunayan ko sa 'yong mahal kita," saad niya.

"Ano na nama'ng pinaplano mo?" Parang gusto nitong mapailing.

"Liligawan kita!"

A heartbeat passed at walang nagsalita sa kanila. Then he burst out laughing. Nagsalubong ang mga kilay niya. Akala siguro ni Tristan ay nagbibiro siya. Well he's in for another surprise.

"Oh, Ysobell, you're priceless!" sabi nito nang makabawi sa pagtawa. Hindi siya umimik. "Liligawan!"

"You can laugh all you want, Tristan. Basta pag umakyat ako ng ligaw sa 'yo, huwag mong sabihing hindi kita binalaan."

Natahimik ito. Tila hindi ito makapagdesisyon kung nagbibiro ba siya o seryoso. She smiled sweetly, and just as sweetly, she added, “I love you, Tristan, and I will love no other man but you. Mark my word, Tristan. You will be mine. Dahil ako lang ang babaeng karapat-dapat sa ’yo.”

“Ysobell…”

Nagkibit-balikat siya. “You might as well get used to the idea, Tristan. I am yours and you are mine.”

“Hindi ko alam kung ano’ng gagawin ko sa ’yo. You shouldn’t be saying those things. Hindi magandang pinapababa mo ang sarili mo para sa akin o sa kahit na sinong lalaki. You are beautiful, smart and charming. Hindi mo kailangang manligaw. Just wait for the right man to come along.”

“If I do that baka matanda na ako hindi pa ako nakakapag-asawa. You probably think I’m an idiot for doing this, but I can’t help it. Isa pa, I know what I feel. Mahal kita at kahit ano’ng gawin ko, hindi na mababago iyon. So just deal with it.”

Napabuntong-hininga ang binata. Tila nagtatalo ang loob nito kung pagsasabihan pa siya o titigil na lang at hayaan na lang siya sa gustong gawin.

“Ysobell, may nobya na ako at mahal ko siya.”

Triple ouch! daing ng puso niya. Masakit pa ring marinig na may iba nang babaeng nagmamay-ari sa puso nito. Kahit pa sinabi na niya sa sariling napaghandaan na niya ang sitwasyong ito, nakakasakit pa rin pala.

"I know. But I also know that I love you. At hangga't narito ka sa puso ko, mananatili akong lumalaban."

Hindi na nito nakuhang sumagot dahil eksaktong natapos ang tugtog. Her father came to claim her for a dance. But her eyes followed Tristan nang umalis ito sa dance floor.

———————

"You do know that my sister is in love with you, right?" tanong ni Yñigo nang maupo si Tristan sa tabi nito.

Napabuntong-hininga siya. Paanong hindi niya malalaman, eh, iyon ang topic na katatapos lang niyang layasan?

"It's just a silly crush," walang ganang sagot niya. Kumuha siya ng isang baso ng alak sa dumaraang waiter at tinungga iyon. Parang bigla siyang napagod sa ginawang pakikipagsayaw kay Ysobell. O mas tamang sabihing sa diskusyon nila. "Lilipas din 'yon."

"I don't think so. My sister is stubborn. And she's not like most girls her age. She knows exactly what she wants at ikaw 'yon, my friend," sabi nito, bahagya pa siyang tinapik sa balikat. "The question is, what are you going to do about it?"

Napailing si Tristan. Maging siya ay hindi kayang sagutin ang tanong na iyon. Una, may nobya na siya. Pangalawa, kapatid lamang ang tingin niya kay Ysobell.

"Ysobell, ano ba? Puwede ba dahan-dahan naman, baka madapa ako," reklamo ni Joe na noon ay hila-hila niya.

"Ang bagal mo naman kasi. Bilisan mo baka makaalis na siya." Lalo pa niyang binilisan ang lakad. Halos magkandatalisod na siya sa pagmamadali.

"Bakit kasi kailangan pang sundan mo si Tristan-your-love dito sa parking lot ng school, eh, magkapit-bahay naman kayo? Puwede kang lumipat do'n sa kanila anytime," patuloy na reklamo nito.

"Para may thrill. Isa pa, laging nakakaisip ng dahilan 'yon para iwasan ako sa kanila," nababanas na sagot niya. Maisip pa lang ang pag-iwas na ginagawa nito, parang gusto nang mangaluntoy ng

self-confidence niya. Hindi naman siya pangit para iwasan nito. “Hayun na siya, bilis lapitan na natin.”

Malapit na sila sa binata at ilang sasakyan na lang ang nakapagitan sa kanila nang sumulpot mula sa kung saan si Denise. Agad itong pumulupot kay Tristan at hinalikan ito sa labi. Para siyang tinarakan ng punyal sa dibdib sa nasaksihan. Nangilid din ang luha sa mga mata niya.

“Halika rito,” yakag ni Joe. Hinila siya nito sa likod ng isang kotse at nagtago sila roon. “Mabuti pa umalis na tayo habang hindi pa nila tayo nakikita. Baka kaawaan ka lang ni Tristan…”

“No, I want to hear what they’re saying.” May pagkamasokista yata talaga siya.

Tututol pa sana ang kaibigan nang hilahin na niya ito. Payuko silang lumapit sa dalawang nag-uusap.

“Pauwi ka na ba? Akala ko may klase ka pa?” narinig ni Ysobell na tanong ni Tristan sa babae.

“Hindi pa. Nakita ko kasi si Ysobell na sinusundan ka, so I followed you here. I’m surprised she’s not here pestering you,” sagot ng babae.

Parang gustong kalmutin ni Ysobell ang mukha nito. Inagawan na nga siya, binubulilyaso pa ang

plano niya.

"You sound jealous. Kapatid lang ang turing ko kay Ysobell. How many times do I have to tell you that?"

Denise snorted. "I know. But that woman is in love with you. At bali-baligtaran mo man ang mundo, hindi kayo magkapatid. Mamaya may gawin 'yun na kung ano sa 'yo. I trust you, pero wala akong tiwala sa kanya. Ang laki ng gusto sa 'yo. Babae ako kaya alam ko."

"So what? Hindi mo naman kailangang ma-threaten sa kanya. Ikaw ang nobya ko, di ba?" Naroon ang pang-aamo sa boses ni Tristan.

Lalong nainis is Ysobell.

"Of course I'm not threatened by her. Kahit sinong matinong lalaki, hindi papatol sa kanya kung ako ang karibal. She looks like a… *manang*. Puwede nga siyang pagkamalang alalay ko kung magkakasabay kami, eh." Tumawa pa ito. "She looks like a librarian! And not the hot type at that," Denise said scathingly.

Hindi na niya narinig ang isinagot ni Tristan sa sinabi ng nobya nito dahil hinila na niya si Joe palayo sa lugar na iyon. Hindi na niya makaya ang naririnig niya.

Denise words shattered not only her heart but also her self-confidence. What she said was true.

Tanga ang ang lalaking babaling sa kanya kung ito ang kakompetensya. She may not be ugly, pero hindi rin niya taglay ang mga katangian ng babaeng minarapat ni Tristan para maging girlfriend nito.

———————

"Ma, gusto kong mag-transfer sa Davao… kina Tita Sonja." Napatingin ang lahat kay Ysobell nang sabihin niya iyon. Pinag-isipan na niya ang tungkol doon. Baka iyon ang solusyon para makalimutan niya si Tristan: ang lumayo rito.

Parang tinanggalan ng piring sa mga mata na noon lang nakakita si Ysobell—mula nang marinig ang mga sinabi ni Denise. May punto ito. Hindi siya nababagay kay Tristan. At isa pa, ilang beses na ba siyang nabigo at harap-harapang tinanggihan? Hanggang kailan niya titiisin iyon? Hindi naman siya bato para hindi masaktan. Bawat pag-iwas ni Tristan sa kanya, tila nababawasan ang pagkatao niya. Baka sa huli, wala nang matira. So maybe it was time to move on.

"Pero, anak, nag-umpisa na ang semester. Hindi ba magkakako-conflict kung ngayon ka pa lilipat?"

tanong ng ama.

“Hindi naman, Pa. Nagtanong na ako. Kung sakaling lumipat ako ngayon, magiging regular student pa rin ako.”

“Bakit parang biglaan yata ang desisyon mong iyan, Ysobell?” tanong ng mama niya.

Hindi niya kayang salubungin ang titig nitong nang-aarok. Parang nabikig din ang lalamunan niya at bigla, gusto niyang umatungal ng iyak. Nagyuko na lamang siya ng ulo at hindi na sumagot.

Mabuti na lang hindi na rin ito nag-usisa pa.

2

“Congatulations, hija!” magkapanabay na bati ng mama at papa niya. Nakangiting yumakap siya sa mga ito.

“Thanks, Ma, Pa. And thank you po sa party. Hindi na sana kayo nag-abala. Okay lang naman sa akin ang simpleng lunch na tayong buong pamilya lang.”

“Oh, but we want to make it extra special, sweetheart. Architect ka na. Natupad mo na ang pangarap mo. Dapat lang na magsaya tayo. And your friends are expecting a celebration. Hindi ko sila bibiguin!” rason ng ina niya.

Natawa na lang si Ysobell at napailing.

Kunsabagay, mas masaya talaga pag medyo marami ang nagdiriwang. Halos lahat ng oras niya ay sa pag-aaral niya ibinuhos para makamit ang pangarap niya.

After she left Manila, tuwing bakasyon na lamang siya umuuwi para makasama ang pamilya.

“Congratulations, best friend!”

Pumihit siya paharap at nakangiting nakipagbeso sa kaibigan. “Joe! Hi! Kumusta ka na?”

“Beautiful as ever. At ikaw, lalo ring gumanda! So, ’asan ang dyowa mo? May bitbit ka na bang papa?” sunud-sunod na tanong nito.

“Wala! Ikaw? Blooming pa rin ang love life?”

“Thriving,” Joe said. “And don’t worry kung wala kang papa ngayon, maihahanap kita agad. That would be our next project.”

Umiling si Ysobell. “Actually, sa work muna ako magfo-focus ngayon. Saka na ang relasyon,” natatawang tanggi niya.

“O, siya bahala ka. Makihalubilo ka muna habang kumakain ako. Para naman hindi nila sabihing sinosolo kita.”

Napatigil siya para panoorin ang mga parehang nagsasayaw nang may magsalita sa likuran niya.

“Congratulations, Ysobell,” anang tinig na kilalang-kilala niya.

Unti-unti ang ginawang paglingon ni Ysobell rito. Inihahanda niya kasi ang sarili sa sandaling muli niyang masisilayan ang guwapong mukha nito.

"Tristan," halos pabulong na sambit niya.

He smiled her favorite crooked smile. "I'm so happy for you."

"Thank you," mahinang sagot niya.

After all these years, hindi nawala ang pag-ibig niya sa binata. Umalis nga siya pero naiwan dito ang puso niya. She wanted to forget him, pero sadyang matigas ang puso niya, ayaw magbago. She dated, entertained suitors, even tried having a boyfriend, but nothing worked out. Ayaw makisama ng tibok ng puso niya.

Ang masakit, sa tuwing uuwi siya noon at magbabakasyon, kailangan niyang magkunwari sa harap ni Tristan. She treated him like he was just like any other man, no one special. He sent her countless text messages and e-mails. Mga mensaheng pinakahihintay niya para makompleto ang araw niya. Pero tipid na tipid at ingat na ingat ang replies niya. She didn't want to fool herself anymore. Kaibigan lang siya nito. Period.

"May I have this dance?" tanong ni Tristan na hindi na hinintay ang sagot niya. Hinagip na nito ang palad niya.

Parang ayaw mag-function ng utak ni Ysobell.

Her senses have gone haywire, probably overwhelmed by his presence. At nang hapitin siya ni Tristan sa baywang para paglapitin ang katawan nila, she found herself reminiscing. Parang walang nagbago. She was still the Ysobell who was hopelessly, madly in love with Tristan. And just like yesterday, wala pa ring pag-asa ang pag-ibig niya sa binata. How cruel was that?

"You look beautiful, Ysobell," he told her, reminding her of the past once more. "Siguro ang dami ng lalaking nagkakandarapa para lang mapansin mo."

Ngumiti siya kahit pakiramdam niya ay natutuliro siya sa pagkakalapit nila. "Kung mayroon man, hindi ko siguro napansin. Masyado kasi akong naging busy sa pag-aaral. And after that, sa trabaho." Isa lang ang naging nobyo niya. Si Michael. Ngunit napagdesisyunan nilang mas magandang maging magkaibigan na lang silang dalawa.

"So are you staying here for good o babalik ka pa rin ng Davao?" usisa ni Tristan.

"Dito na uli, magtatrabaho na ako sa company ni Daddy. Saka na-miss ko ang parents ko. Iba pa rin kasi kapag kasama ko sila. Kahit na umuuwi ako noon dito, nangungulila pa rin ako sa kanila." She watched

her feet to keep herself from looking at his handsome face. Baka bigla siyang mabaliw at mahalikan ito.

"Ako hindi mo na-miss makasama?" pabirong tanong ni Tristan.

"Puro ka kalokohan. At saka kaya nga ako umalis, eh, para makalimutan ka. Ayoko namang habang buhay na lang akong maging pest sa buhay mo. Baka spray-an mo ako ng pesticide, matsugi pa ang kagandahan ko sa mundo."

Tumawa silang dalawa. Ayaw niyang mag-drama sa gitna ng kasiyahan.

———————

Pinilit makitawa ni Tristan sa sinabi ng dalaga kahit pa nasasaktan ang puso niya.

Yes, mahal niya si Ysobell.

Nalaman niya iyon nang magloko si Denise. Maybe even before that, ayaw lang niyang i-entertain. Lalo lang sigurong tumindi ang pagmamahal niya rito noong laitin ito ng ex-girlfriend niya. Naalala niya na nauwi sa away ang eksenang iyon sa kanila ni Denise.

Soon after, Ysobell left. Saka lamang inamin ni Tristan ang tunay na damdamin para rito—when he started missing her. Araw-araw hinahanap niya

ang presensya nito, ang kakulitan, ang *panunuyo* sa kanya. At sa halip na ang ex na si Denise ang hanap-hanapin niya, si Ysobell ang gusto niyang makita. He missed her smile, the way her eyes lit up whenever she's about to do something mischievous.

Gusto niyang puntahan agad ito noon sa Davao nang matanto ang tunay niyang damdamin pero nagpigil siya. Ayaw niyang isipin ni Ysobell na gagawin lamang niya itong panakip-butas. Gusto niyang maramdaman nito na ito talaga ang tanging dahilan kung pupuntahan man niya ito. Na ang pagmamahal niya ang nagtulak sa kanya para sundan ito. He was sure of her love for him kaya hindi siya nagmadali. And after a year, saka lamang siya sumunod dito.

Para lang mabigo. Dahil nalaman niyang nakapag-move on na ang dalaga. May nobyo na ito at nakita ng mismong mga mata niya kung gaano ito kasaya.

So he left without seeing her.

At ngayon ay kaharap na niya ito. And she was more beautiful than ever. Warm and lively in his arm. Kulang na nga lang ay hilahin niya ito at yakapin nang mahigpit. Angkinin ang mga labi nitong tila nag-aanyayang mahalikan.

Masakit marinig na wala na siyang puwang sa puso nito. If only he could turn back the time, sa panahong siya pa ang mahal nito, gagawin niya. Gusto niyang maangking muli ang pag-ibig nito. Marinig sa mga labi nito ang pangakong wala itong ibang lalaking mamahalin kundi siya lamang.

"Tristan?" untag ni Ysobel sa pananahimik niya.

"Sorry. May iniisip lang ako."

"Let me guess. A woman?" hula nito.

Ngumiti siya, pero hindi sumagot. Hindi na nito kailangang malaman na ito ang babaeng laman ngayon ng utak niya.

"Oh, silence means yes, right? So tama ako. Who is she? Someone special?" she teased. "Come on, tell me."

Napailing na lang siya. Hindi pa rin nawawala ang kakulitan ng dalaga. Kung may gusto itong malaman, hindi talaga ito tumitigil hangga't hindi nakukuha ang sagot. It was one of her qualities that he found endearing.

"Very special. Pero hindi ko puwedeng sabihin sa 'yo kung sino siya. Saka na lang pag nasa tamang panahon na," iwas niya.

"Promise?" tila batang ungot nito.

Natigilan si Tristan. Sa tingin niya, lalo pang gumanda si Ysobell sa ginawi nito. Her eyes were twinkling with life and her cheeks were rosy pink.

Hindi na napigilan ni Tristan ang sarili. Kahit pa nasa gitna sila ng dance floor at maaaring pinagtitinginan ng mga tao, kinabig niya ang dalaga at niyakap nang mahigpit. *Friends hug each other, right?*

"I promise," bulong niya sa tapat ng tainga nito. At hindi lang siya sa dalaga nangangako, kundi maging sa sarili. Kapag handa na siya.

Gumanti ito ng yakap at para siyang ipinaghele ng mga anghel sa langit. At kahit ayaw pa sana niyang bitawan ito ay napilitan siya nang may magsalita.

"Puwede ko bang maisayaw ang little sis ko?" nakangiting tanong ni Yñigo na lumapit sa kanila. Ngumiti siya sa kaibigan at nagpaalam kay Ysobell bago humakbang palayo.

Naupo si Tristan sa isang puwesto kung saan malaya niyang natatanaw ang dalaga. Gusto niyang pagsawain ang mga mata sa pagtitig dito. Ginugol niya ang oras sa pagdiriwang na iyon sa pagsunod ng tingin kay Ysobel. Hindi niya hinayaang mawaglit

ito sa paningin niya kahit saglit. And every time she smiled, he felt his heart swell with joy. Na tila para sa kanya ang bawat ngiti nito.

———————

"You're alone."

Napapitlag si Ysobell nang marinig ang boses ni Tristan sa likuran niya. Napaharap siya sa binata mula sa pagtanaw sa bisitang inihatid niya sa gate.

"Hey. Akala ko umuwi ka na?" Isinara na rin niya ang gate. Baka may pag-uusapan pa ang kuya niya at si Tristan kaya hindi pa umaalis ang lalaki. "Wala ka bang trabaho bukas?"

"Meron nga, so… I'll say goodnight now. Alam kong napagod ka sa dami ng bisita mo." Tila wala pa talaga itong balak umuwi.

Ang totoo, sinadya niyang iwasan si Tristan para na rin sa ikatatahimik ng loob niya. Pakiramdam niya kasi masyadong nae-exercise ang puso niya kapag nasa malapit ito. Doble kasi ang bilis ng pintig niyon.

"So… goodnight na. Baka masyado kang mapuyat."

"Masyado ka namang nagmamadaling paalisin ako." Pabirong pinitik pa nito ang ilong niya.

"Aray naman, eh." Hinaplos niya ang nasaktang ilong saka sinimangutan ang binata. "Ba't ka ba nananakit?"

"Sorry. Here, let me kiss it to make you feel better." Inilapit pa nito ang bibig na akmang hahagkan talaga siya.

Kinabog ang dibdib niya. Baka pag hinalikan siya ni Tristan, bumigay siya. Itinulak na lang niya ito.

"Puro ka kalokohan. Lumayas ka na nga," singhal niya para mapagtakpan ang nararamdaman. Bigla kasi siyang nasabik na matikman ang halik nito.

Natatawang lumapit ang binata sa gate. "Dati halos ayaw mo akong pauwiin, ngayon naman parang hindi ka makapaghintay na palayasin ako. Nagbago ka na."

Umismid si Ysobell. Hindi siya nadadala sa acting nito. At isa pa, bakit ba gustung-gusto nitong binabalikan ang nakaraan?

"Right. Iba na ako ngayon. Kaya lumayas ka na. Masyado mo na akong pinupuyat. Gusto ko rin mag-work na bukas." Akmang tatalikod na siya nang pigilan siya ni Tristan sa braso at hinila siya palapit dito.

Nabigla siya nang yakapin siya nito nang mahigpit. Bago pa nakagana nang maayos ang utak niya, kusa nang humiwalay si Tristan sa pagkakayakap sa kanya.

"I'm really glad you're back, Ysobell. You don't know how much I've missed you o kung gaano kaboring ang buhay ko nang mawala ka."

Tumawa siya. "Bakit? Dahil wala nang babaeng humahabol sa 'yo nawalan ng spice ang buhay mo, gan'on?"

"No."

"Ano pala?" taas-kilay na tanong niya. Kung makapagsalita ito parang sobrang halaga niya rito samantalang ni hindi nito pinahalagahan ang pagibig niya para rito.

"*Basta*. You add meaning to my life."

"Yeah, right. Ang sabihin mo para akong tanga noon kahahabol sa 'yo."

"No, not stupid. Never stupid." Mukhang sinsero ito. "Good night, Ysobell. Sweet dreams."

Masuyong hinaplos ni Tristan ang pisngi niya. Para siyang namalikmatang tumitig dito. Hindi niya mapangalanan ang emosyon sa mga mata nito.

At lalo siyang nagulat when he brushed his lips against hers. Nanlalaki ang mata niyang napatingin dito. Ngunit ngumiti lang ito, lumabas ng gate at saka naglakad palayo.

Matagal siyang nakatayo roon na parang estatwa dahil lang sa simpleng halik ni Tristan.

And there was nothing simple about it kung pagbabasehan ang pagkalat ng sensasyon sa buong katawan niya. It was like a wildfire spreading through her being. *That kiss.*

3

Nagpunta sila ni Joe sa isang bar. Hindi na niya natanggihan ang kaibigan nang tumawag ito. Puro na lang daw kasi trabaho ang inaatupag niya. Pumayag na rin siya dahil gusto rin ni Ysobell na maglamyerda at magsaya. Wala na kasi siyang ginawa kundi magmukmok at iwasan si Tristan. At iwasang isipin ito. "Masyado na yatang napaparami ang inom ko. Nagsisimula nang umikot ang paningin ko. Sino ang magda-drive sa akin pauwi?" tanong niya kay Joe.

Masyado yatang nabigla ang sistema niya sa pag-inom ng alak. Ang resulta kahit di pa siya nakakarami, tinamaan agad siya.

"Mag-taxi ka na lang," suhestiyon nito.

"Ayoko. Baka mamaya, magaya ako d'on sa nabasa ko sa *Facebook*. Nalasing 'tas nang imulat niya ang mga mata niya wala na ang kidney niya. Iyon pala kinuha na ng sindikato,"

Natawa si Joe. "Ang morbid mong mag-isip, Ysobell. Uso na ang *Uber*, 'no! Pero, tawagan mo na lang ang kuya mo para siya ang sumundo sa 'yo."

"Wala si Kuya. Nasa Baguio. May convention

doon, remember?"

"Oh right. Don't worry, ako'ng bahala sa 'yo. Kahit samahan kita mag-taxi papunta sa inyo." Mayamaya ay nagpasintabi ito at may tatawagan lang daw. Nang bumalik ito ay sinabing hintayin lang nila ang susundo sa kanila.

Nasa labas na sila at naghihintay nang makita niyang bumaba sa taxi si Tristan.

"You called Tristan?" She turned to face Joe. Nanlalaki ang butas ng ilong niya sa galit. Hindi ba nito alam na iniiwasan niya ang binata? Bakit sa dinami-dami ng taong puwede nitong tawagan, si Tristan pa ang napili nito?

"Siya ang unang pumasok sa utak ko. Hey, it's no big deal. You're over him naman na, eh. Besides, malapit ang bahay niya sa inyo kaya ideal kung siya ang susundo sa 'yo," balewalang paliwanag nito.

"Nakakahiya," gigil na bulong ni Ysobell dahil malapit na ang binata sa kinatatayuan nila. Ngumiti siya rito.

"Ano'ng nakakahiya. He's your friend, at sabi niya ayos lang daw sa kanya. So ano pa'ng problema?"

Hindi na niya nagawang sumagot dahil nakalapit

na si Tristan sa kanila.

“Ready to go?” tanong nito, sa kanya nakatingin.

“Tristan, sana tinawagan mo na lang si Papa para siya ang sumundo sa akin. Nakakahiya naman sa ’yo, naistorbo ka tuloy. Pasenya na, hindi ko kasi alam na tatawagan ka pala nitong magaling kong kaibigan,” di magkandatutong saad niya. Natutuliro siya sa lapit nito.

“Sige na, mauna na ’ko at nand’yan na ang boyfriend ko,” paalam lang ni Joe, di siya pinansin. “’Bye, guys.”

Tinanguan ito ni Tristan bago tumingin sa kanya ang binata. “No worries. Let’s go. Nasaan ang kotse mo?”

Nagpatiuna nang maglakad si Ysobell patungo sa sasakyan niya matapos iabot kay Tristan ang susi. Hinawakan siya ni Tristan sa siko, marahil ay nakitang mabuway ang paglalakad niya.

Ipinagbukas siya nito ng pinto ng sasakyan.

May ilang minuto na rin silang bumibiyahe nang basagin niya ang katahimikan sa pagitan nila. Masyado kasi siyang nate-tense.

“Pasensya ka na talaga, Tristan, naabala ka pa

tuloy. Hindi naman ganoon karami ang nainom ko, pero tinamaan agad ako. Siguro nanibago ako kasi medyo matagal na rin nang huli akong uminom."

"Ni hindi ko nga alam na umiinom ka." Sinulyapan pa siya nito.

"Sa tingin mo ba damdamin ko lang sa 'yo ang nagbago?" pabiro niyang tanong. "Nagbago na ako, Tristan. Si Michael ang nagturo sa aking uminom."

"Michael?"

"My… boyfriend." Hindi niya alam kung bakit siya nagsinungaling. Siguro dahil gusto niyang protektahan ang sarili niya.

"Oh, I see. Masama palang impluwensya sa 'yo ang boyfriend mo," may tigas sa tinig na sabi nito.

Natawa si Ysobell sabay iling. "Hindi naman. Ganito kasi iyon, nagkayayaan sa isang party at kasama ko siya. Nang malaman niyang hindi ako umiinom, ang sabi niya mas maganda na masubukan ko para halimbawang may gathering at hindi maiwasang mapainom ako, at least alam ko daw kung paano i-handle ang liquor ko. May point naman siya. But that's not to say na naging lasenggera na ako. I do know when to stop."

Hindi na rin ito nakipagtalo kaya nanahimik na lang siya. Ipinasya na lang niyang ipikit muna ang mga mata.

Ipinarada ni Tristan ang sasakyan sa harap ng gate nina Ysobell saka binalingan ang dalagang noon ay mahimbing ang tulog. He stared at her face hungrily na tila ba anumang sandali ay maglalaho ito.

Kanina nang magbiro itong hindi lang ang damdamin nito ang nagbago ay para siyang tinadyakan nang malakas sa dibdib. It hurt to hear her say na hindi na siya ang lalaking umuokupa sa puso nito.

At mas nadoble pa ang sakit na iyon nang banggitin nito ang pangalan ng lalaking nagmamay-ari na rito.

Gusto niyang balutin ang dalaga at itakbo palayo at nang hindi na ito maagaw ng iba. Ngunit paano niya gagawin iyon gayong iba na ang gusto nito?

Humigot siya ng malalim na hininga at saka maingat na pinakawalan iyon. Natutukso siyang halikan ang dalaga. Marahas niyang naisuklay ang kamay sa buhok.

"Ysobell, wake up!" Niyugyog niya ang balikat nito.

Umungol ito bago marahang nagmulat ng mga mata. "Are we home?" medyo paos ang tinig na tanong nito.

She sounded so sexy, arousing so many emotions within him. It took a great effort not to pull her closer and kiss her senseless. Lalo na at namumungay ang mga mata nitong tumingin sa kanya. It fired his imagination.

He saw her in his bed, looking dishevelled, her warm body pressed to his. It would be a pleasure to touch those curves, kiss those sumptuous lips…

Sinaway ni Tristan ang sarili nang maramdaman ang pagkabuhay ng kanyang dugo sa maiinit na tagpong nakikini-kinita niya.

"Yes, here, let me help you with that," boluntaryo niya nang mapansing nahihirapan ito sa pagkalas ng seatbelt. Siya na mismo ang kumalas niyon. "There you go."

"Thank you," mahinang usal nito.

Mabilis siyang bumaba para sana ipagbukas ito ng pinto ngunit naunahan siya nito. Pero kamuntik

na itong matumba, mabuti na lamang at naroon siya, agad niya itong naalalayan.

Pakiramdam ni Ysobell ay lalo siyang nalalasing dahil sa lapit ni Tristan sa kanya. Medyo nagloko ang lock ng seatbelt kaya nahirapan siyang alisin iyon. Nang kalasin nito iyon ay nasamyo niya ang bango ng bianta. Naturete yata lahat ng cells niya sa katawan. Nag-overload ang senses niya sa sobrang lapit nito. Halos maramdaman na niya ang init na nagmumula sa katawan nito.

Kaya hindi nakapagtatakang nanlalambot ang mga tuhod niya nang bumaba. Nadagdagan ang kalasingan niya. She was intoxicated because of Tristan. His nearness did that to her. Sumala ang paa niya pagtayo at muntik na siyang matumba. Mabuti na lang at nasalo siya nito.

Ang masama, muntik na siyang mag-black-out sa kilig. Pesteng pakiramdam na iyan. Halos hindi na yata gumagana ang utak niya.

Nakita nga niyang kusang pumulupot ang sariling braso sa leeg ng binata. Like it never wanted to let go. Which was crazy. Kailangan niyang makalayo rito. Dahil kung hindi, she'd be back to where she

started: loving him.

"Ibaba mo ako," bulong niya rito. Pangko siya ni Tristan.

"No, baka matumba ka lang. Iaakyat na kita. Mukhang tulog na ang mga tao sa bahay n'yo. May susi ka ba?"

Inilagay na lamang niya ang susi ng front door sa kamay nitong nakasapo sa likod ng mga tuhod niya. Maayos nitong nabuksan ang pinto, at nang maitulak iyon pasara ay iniakyat na siya sa silid niya.

Muli nitong sinusian ang pinto at pagkatapos ay ipinasok siya sa silid at marahan siyang ibinaba sa kama.

Yumuko ito para tanggalin ang sapatos niya saka itinaas ang kumot para kumutan siya. She thought it was sweet.

"Sweet dreams, Ysobell," bulong nito bago siya dinampian ng halik sa labi.

"Why couldn't you be like this before, Tristan?" di niya napigilang itanong. Regret was filling her heart. Labis lamang na pagkokontrol sa sarili ang ginawa ni Ysobell para hindi tuluyang tumulo ang luha. "We could have been great for each other, you know."

"I know," ayon nito. "I guess I just didn't appreciate what I had until it was gone."

Ngumiti siya nang mapakla. "Then, huwag kang masyadong maging mabait sa akin dahil baka ma-in love na naman ako sa 'yo. Now we wouldn't want that, would we?" biro na lamang niya.

Tumaas ang isang sulok ng mga labi nito. "Matulog ka na. I'll see you tommorrow." Bago tuluyang tumalikod, hinaplos muna nito ang mukha niya. "Dream of me."

She sighed and snuggled deeper under the covers. How did he know that she would be dreaming of him?

Dumerecho si Ysobell sa kusina. Alam niyang naroon ang kanyang ina dahil naaamoy niya ang inihahanda nito.

"I smell something good, Ma! What's for dinner tonight? Parang abala kayo, ah."

"Chicken enchiladas," sagot nito, sige sa paghalo ng kung ano sa kaserola. "And I'm making beef stroganoff, paborito ni Tristan."

Bigla siyang natigil sa akmang pagsubo ng

chicken enchilada nang marinig ang pangalan ng binata. Ibinaba niya ang kutsara sa kalapit na platito.

“Why? Papadalhan n’yo ba siya?” kaswal ang tonong tanong niya.

“No, inimbitahan siya ng kuya mong dito kumain. Just like old times. Wala ang mama’t papa niya. Nakakalungkot namang kumaing mag-isa.” Iniabot nito sa kanya ang isang kutsara. “Here, try it. Okay na ba ang lasa?”

Tinikman niya ang iniabot nito. “Okay na. Ano ’yung nasa oven?” Tumalungko siya para silipin iyon.

“Chocolate eclair. Di ba paborito ninyong dalawa ni Tristan ’yan?”

“Ma!” angal niya.

“What?” painosenteng tanong nito, tinaasan pa siya ng kilay.

“Stop it! Hindi na magiging kami ni Tristan. Isa pa, may mahal na siyang iba. So stop setting us up together, okay?” Tumalikod na siya. “I’ll go change.”

Kasalukuyang nakadapa si Ysobell sa kama at abala sa pagtipa sa laptop keyboard nang may

kumatok sa pinto.

"Tuloy," patamad niyang sabi sa pag-aakalang ang kawaksi nila iyon na nautusan para tawagin siyang bumaba. Paglingon, nanlaki ang mga mata niya nang makitang si Tristan ang naroon.

Pumasok nga ito sa kuwarto niya. Bigla siyang nailang dahil sa lagkit ng titig nito. Nakasuot lamang kasi siya ng maiksing maong shorts at sleeveless top at napako ang mga mata ng binata sa legs niya.

"Ano'ng ginagawa mo dito?" Hindi na nga siya bumaba para maiwasan ito, sinundan naman siya sa lungga niya.

"Hinahanap kita. Ba't kasi hindi ka bumaba?" Sa mukha na niya ito nakatitig.

"Will you stop staring? Nakakailang!" Ibinalik na niya ang pansin sa tina-type sa laptop.

Nang tumahimik, lumingon siya para alamin kung nakaalis na si Tristan. Ngumisi ang binata at bigla siyang kinabahan.

"You have a nice pair of legs, Ysobell," walang pasakalyeng banat nito.

She snorted. "Matagal nang nasa 'kin iyan, di mo lang napapansin dahil busy ka sa pag-iwas sa akin.

At tigil-tigilan mo na 'yan, ayoko ng ginu-goodtime."

Natawa ito at lumapit sa kama at yumuko sa tabi niya. Napapitlag siya nang maramdaman ang mainit na palad nito na humaplos sa isang binti niya. Mula sa sakong pataas, hanggang sa likuran ng tuhod niya.

Pakiramdam ni Ysobell nagtayuan lahat ng balahibo niya sa katawan. "Ano ba? Sexual harassment 'yan, ha."

"Hmm, and you feel good too. Ysobell, are those goosebumps?" Bumungisngis pa ito na tila batang nasisiyahan. "Affected," tudyo nito.

"Anong affected? Hoy, ikaw ha? Magtigil ka't baka sipain kita. Baka akala mo, marunong ako ng self-defense." Binawi niya ang paang hawak pa rin nito at bumangon para maupo na lang sa kama. Itinabi niya ang laptop, niyakap ang isang unan at tumingin sa mukha ng binatang nasa tabi niya. "Bakit ka ba kasi nandito? Hindi magandang nandito ka sa loob ng kuwarto ko."

"Gusto kitang makita. Hindi ka kasi bumababa. Feeling ko iniiwasan mo ako. Buti na lang may tiwala sa akin sina Tita at pinaakyat ako dito. Baka nga ikaw pa ang may pagnanasa sa akin, eh."

"Tse! Mukha mo!" Umirap siya rito. Nag-init ang

buong mukha niya, palatandaang namumula iyon. “Lumayas ka nga, istorbo ka. May ginagawa pa ako,” pagtataboy niya.

“Busy ka lang naman sa pagcha-chat. Saka na ’yan. Bumaba ka na at magkuwentuhan tayo. Na-miss ko ’yon.”

Umiling siya.

Bigla siya nitong kiniliti kaya napatili siya. “Bababa ka ba o kikilitiin kita hanggang sa pumayag ka?” pananakot pa ni Tristan. Iniangat nito ang dalawang kamay at umakmang kikilitiin uli siya.

Pinandilatan niya ang binata. “You wouldn’t dare.”

“Try me,” hamon nito at sinundot siya sa tagiliran. Sa pag-ilag niya habang tumatawa ay lalo siyang napadikit sa katawan nito. Pumaikot ang matigas nitong braso sa baywang niya para hindi na siya makapalag.

Wala siyang nagawa kundi ang tumawa nang tumawa. “Tristan! Stop!”

“Hey, lovebirds, sabi ni Mama bumaba na daw kayo,” sabat ng Kuya Yñigo niya mula sa pintuan.

Hinihingal na lumingon siya rito habang si

Tristan ay ngiting-ngiti sa kanya. Pinaningkitan niya ito pero nagpa-cute lang ito sabay kindat sa kanya. Pumitlag tuloy nang wala sa oras ang puso niya.

Tumikhim ang kuya niya. “Kung ayaw ninyong bumaba, sasabihin ko na lang kina Mama na busy kayo,” nanunudyong sabi nito.

Nang bumaba ang mga mata niya sa kamay ni Tristan, saka lang niya napagtantong nakayakap pa rin ang binata sa kanya. Nagmamadaling kumalas siya rito at sumunod na sa kapatid niya.

———————

“O, kape n’yo,” sabi ni Ysobell habang ibinababa ang isang tray sa coffee table sa sala. “Ano ba’ng tinitingnan n’yo diyan? Mukhang aliw na aliw kayo, ah.”

“Ipinapakita ko lang kay Tristan itong mga litrato mo na kuha sa Davao. Hindi pa kasi niya nakikita,” sagot ni Yñigo. Nakangisi pa ito na tila nakakaloko.

Naalarma ang dalaga. Naaliw tuloy si Tristan habang pinagmamasdan ang mukha nito.

“Ginawa mo pang entertainment ang mga pictures ko. Give me that.” Sinubukan nitong hablutin ang digital camera mula sa kapatid nito ngunit

mas maliksi ang kaibigan. Agad nitong nailayo ang camera. “Kuya, ano ba? Hindi ka nakakatuwa, ha! Mga pictures mo ang ibalandra mo, ’wag ’yong sa akin.”

“Ysobell, wag kang killjoy. Saka bakit naman magkakainteres si Tristan na panoorin ang mga litrato ko? Hindi naman siya bakla.”

“So, sa akin na lang gan’on? Aba, masaya ka,” singhal nito, pilit uling inagaw ang camera.

“Sige na, sis, kay Tristan lang naman. Friends naman kayo, di ba?”

“Oo nga, Ysobell. Saka wala ka namang dapat ikahiya. Magaganda lahat ang kuha mo,” pangungumbinsi niya.

Kinuha ni Tristan ang camera mula kay Yñigo at siya ang nagpindot niyon. Naaaliw kasi siyang panoorin ang mga larawan ng dalaga. Parang habang pinapanood iyon, bahagi rin siya ng kabanatang iyon ng buhay nito. Isa pa, gusto niyang ma-update sa mga nakaligtaan niya sa buhay nito.

Napalis ang ngiti niya nang makitang may isang guwapong lalaking nakaakbay rito sa isang litrato. Mukhang namamasyal ang dalawa sa kuhang iyon. Lalong lumalim ang kunot niya sa noo nang makitang

ang mga sumunod na larawan ay puro kuha ng dalawa. Minsan may mga kasama ang mga ito, pero karamihan ay si Ysobell lang at ang lalaki. And they looked sweet together.

"Sino siya?" hindi niya napigilang itanong kay Ysobell.

"That's Michael, 'yung boyfriend ko. Di ba naikuwento ko na siya sa 'yo?" sagot nito nang makita ang tinutukoy niya. "Kuha iyan bago ako bumalik dito. May plano siyang sumunod. Mas gusto daw niyang dito sa Manila magtrabaho kaysa sa Davao. May business ang pamilya nila doon but he wants to make it on his own. Para naman daw may mapatunayan siya sa sarili," kuwento nito. At hindi nakaligtas sa pandinig ni Tristan ang tila pagmamalaki sa tinig ng dalaga.

"Nice," tipid na sagot niya. Nagpatuloy siya sa panonood ng pictures sa digi cam pero kalahati na lang ang interes niya doon.

Na nadagdagan lang muli nang makita niya ang mga larawan ni Ysobell na naka-bathing suit. She looked damn good. Hindi nakakasawang pagmasdan ang ganda nito. Halos hindi niya maialis ang mga mata sa pagtitig sa larawan nito. Wala sa loob siyang napalunok.

And then Michael was in the pictures again. Nawala ulit ang tuwa niya. Dinurog iyon ng panibugho dahil sa larawan, nakakandong si Ysobell sa binata habang nakapulupot ang braso ng lalaki sa katawan nito. Mabilis niyang inilipat iyon, but the next picture was worse dahil parang maghahalikan ang dalawa.

Parang gusto niyang ibato ang camera at durugin iyon nang pinung-pino. Pero wala siyang karapatang gawin iyon. Isa pa, magtataka ang dalaga kapag ginawa niya iyon.

"You look good together," labas sa ilong na papuri niya kahit na ang gusto niyang gawin ay bangasan ang mukha ng lalaki sa picture.

"You think so?" nasisiyahang tanong pa ni Ysobell.

Parang binudburan ng asin ang sugat ni Tristan. Kinuha ng dalaga ang camera mula sa pagkakahawak niya at malapad ang ngiting minasdan ang larawan nito at ng nobyo. "I'll introduce you to him when he comes over. Tiyak magkakasundo kayo."

"Not likely," bulong ni Tristan sa sarili.

"Sino ba 'yang tinitingnan n'yo?" sabat ng mama ni Ysobell na lumabas mula sa kusina. Kinuha nito ang camera at tiningnan iyon. "Oh, si Michael pala.

You should meet him, Tristan, mabait na bata 'yan. At magandang lalaki. No wonder nahulog agad ang loob nitong si Ysobell sa kanya."

"Ma, sabi n'yo boto kayo sa kanya," ungot ng dalaga.

"Basta 'wag ka munang mag-aasawa, anak. Paunahin mo muna ang Kuya Yñigo mo," sagot ng ina. "Baka kasi maging matandang binata 'yan. Alam mo naman iyong pamahiin. Aba'y kawawa naman itong si Yñigo."

"Hey, may girlfriend ako, ha," angal ng kaibigan niya.

"Girlfriend? Eh, wala ka naman yatang balak pakasalan ang nobya mo. Ikaw din, baka mapagod maghintay 'yon at maghanap na lang ng iba. Girls have a biological clock, you know," ani Ysobell.

"Sis, mag-live in na lang muna kayo ni Mike. Wala pa akong balak magpatali."

"Sira!"

"Tinuruan mo pa ng kasalanan ang kapatid mo," sabi ng mama ng mga ito, sabay batok sa anak.

Nakisabay si Tristan sa pagtawa kahit labag sa loob iyon.